# Kung sakaling nakaaalam ang nagdaraan sa harapan ng nagdarasal kung ano ang [kasalanan] sa kanya, talaga sanang ang tumindig siya nang apatanapu ay naging higit na mabuti para sa kanya kaysa sa magdaan siya sa harapan niyon

Ayon kay Busr bin Sa`īd bin Khālid Al-Juhanīy (malugod si Allāh sa kanya): {Nagsugo ito sa kanya kay Abū Juhaym (malugod si Allāh sa kanya), na nagtatanong roon kung ano ang narinig niyon mula sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) kaugnay sa nagdaraan sa harapan ng nagdarasal. Nagsabi si Abū Juhaym (malugod si Allāh sa kanya): Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Kung sakaling nakaaalam ang nagdaraan sa harapan ng nagdarasal kung ano ang [kasalanan] sa kanya, talaga sanang ang tumindig siya nang apatanapu ay naging higit na mabuti para sa kanya kaysa sa magdaan siya sa harapan niyon." Nagsabi si Abu An-Naḍr: "Hindi ako nakaaalam kung nagsabi siya nang apatnapung araw o buwan o taon."}

[صحيح] [متفق عليه]

Nagbigay-babala ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) laban sa pagdaan sa harap ng sinumang nagdarasal ng tungkuling ṣalāh o kinukusang-loob na ṣalāh; at na kung sakaling nakaaalam ang sinumang gumagawa niyon nang sadyaan ng naikakapit sa kanya na kasalanan, talaga sanang pinili niya na tumindig nang apatnapu sapagkat ito ay higit na mabuti para sa kanya kaysa sa magdaan siya sa harapan niyon. Nagsabi si Abu An-Naḍr na tagapagsalaysay ng ḥadīth: "Hindi ako nakaaalam kung nagsabi siya nang apatnapung araw o buwan o taon."



النجاة الخيرية
ALNAJAT CHARITY
لجنة الدعوة الإلكترونية
EDC E-Da'wah Committee